

Pagpapalawak ng World-Class Patient Care para sa San Joaquin Valley













Pagpapanatiling malulusog ang mga residente ng San Joaquin Valley para sa higit pa

Ang St. Joseph Medical Center (SJMC) ay nagkakaloob sa Stockton at sa mga pumapalibot na rehiyon ng world-class na pag-aalaga mula pa noong 1899. Nagsimula kami sa 25 na mga kama at lumaki kasama ang komunidad ng San Joaquin. Ngayon, panahon na para palawakin muli ang aming pasilidad at serbisyo para matugunan ang mga pangangailangan ng mga pasyente, anuman ang lahi, etnisidad, socioeconomic na katayuan, o pagkakakilanlan.

Sa pamamagitan ng maingat na idinisenyong phased master plan, ang iminungkahing modernisasyon ng SJMC ay titiyakin ang makabagong pangangalaga sa pasyente para sa mga susunod na henerasyon.

Isang 21st century na ospital para sa isang 21st century na lungsod



Ang namungkahi ng SJMC na pagpapalawak ay magsasapanahon sa kasalukuyang pasilidad, teknolohiya, at imprastruktura, na maglalagay ng state-of-the-art na medical center na may kaaya-ayang itsura sa gitna mismo ng Stockton. Kasama sa mga may yugto-yugtong pag-aayos ang:


-  Bagong Acute Care Tower
-  Pinalawak na programa para sa physician residency
-  120 bagong general acute patient na mga kama
-  Mga pag-upgrade sa seismic safety (kaligtasan sa pag-lindol)
-  State-of-the-art 10-room surgical suite
-  Hanggang dalawang bagong mga heliport
-  24 na mga bagong kama ng pasyente sa ICU
-  Bagong istruktura ng paradahan
-  Bagong 70-station Emergency Department
-  Pinahusay na karanasan para sa pasyente

Ang pundasyon ng isang maunlad na komunidad

Bilang isa sa pinakamalaking employer sa rehiyon, ang SJMC ay nagpapahusay sa pangkalahatang kalusugan ng komunidad at ng ekonomiya. Nitong nakaraan na tatlong taon, namuhunan ang SJMC sa halos one quarter-billion na dolyar para makapagbigay sa komunidad ng mga benepisyo, amenities, at walang bayad na pag-aalaga sa rehiyon. Ipinapakita nito ang mga mithiin at pinapahalagahan ng SJMC, pinapalawak ang kalusugan at kapakanan na higit pa sa hangganan ng ospital.

Ang iminungkahing pagpapalawak ng SJMC ay nagsisilbi rin bilang pampasigla sa ekonomiya ng rehiyon, na nagpaparami ng output ng ekonomiya sa pamamagitan ng mga skilled trade sa panahon ng konstruksiyon nito. Darami rin ang trabaho sa ospital, na magpapataas sa bilang ng mga matataas na pasuweldong trabaho sa masigasig na larangan ng health care at administrasyon ng ospital.

-  (209) 467-6399
-  St. Joseph's Medical Center
1800 N California St.,
Stockton, CA
-  dignityhealth.org/stockton



Mga tanong na madalas itanong



Gaano katagal na naglilingkod ang St. Joseph's Medical Center sa rehiyon at ano-ano ang mga pagpapalawak ang nagawa nito dati?

Ang St. Joseph's Medical Center (SJMC) ay isa nang namumunong tagapagkaloob ng pangangalagang pangkalusugan sa mga rehiyon ng Stockton at San Joaquin mula nang naitatag ito noong 1899. Ito ay lumaki mula sa isang 25 kamang ospital hanggang maging ang pinakamalaking medical center ng rehiyon na may 355 mga kama, halos 900 mga doktor, at higit sa 2,300 mga empleyado.

Bakit iminumungkahi ng St. Joseph na palakihin ang ospital?

Naglilingkod sa isa sa pinakamabilis na lumalaking rehiyon sa California, ang Dignity Health at SJMC ay nag-develop ng isang master plan at naimungkahi ang paglalaki para matiyak na patuloy naming matugunan ang mga pangangailangan ng aming mga pasyente at komunidad. Ang na-mungkahing pagpapalaki sa ospital ay nagtitiyak na maaari naming ma-accommodate ang paglaking ito habang patuloy na makapagkaloob ng accessible na world-class na pangangalagang pangkalusugan para sa mga darating pang mga henerasyon.

Papalakihin ng SJMC ang residency na programa nito na tutulong na tugunan ang matinding kakulangan ng doktor sa County ng San Joaquin sa pamamagitan ng pagsasanay na natantiyang 200 mga resident kada taon. Ito ay makakatulong sa SJMC na kumuha para makapagtrabaho, sanayin at mapanatili ang susunod na henerasyon ng mga primary care at specialty na doktor na naglilingkod sa ating rehiyon.

Ang pagpapalawak ng SJMC ay magpapalakas din sa ospital laban sa mga likas na kalamidad. Kabilang dito ang inutos ng estado na mga pag-upgrade sa kaligtasan na magtitiyak na ang mga pasilidad ay mananatiling gumagana makalipas ang isang malakas na lindol.

Ang mga pagpapahusay na ito ay lilikha ng mas maraming mga permanenteng trabaho na may mataas na suweldo. Ang SJMC ay isa sa pinakamalaking mga employer ng rehiyon at ang pagsasapanahon ng mga kasalukuyang ospital ay makakatulong na makaakit ng mga may talentong propesyonal sa larangan na pangangalagang pangkalusugan at maglilingkod bilang batayan para sa lokal na ekonomiya.

Ano ang mga tiyak na pagbabagong gagawin sa ospital ng namungkahing pagpapalaki na ito?

Ang pagpapalaki ng SJMC ay may maraming mga yugto at tiyak na ginawa para matugunan ang mga pangangailangan sa kalusugan ng komunidad sa pamamagitan ng pagsasama ng advanced na teknolohiya sa isang kapaligiran ng paggagamot. Ang mga lumang gusali ay papalitan ng bagong Acute Care Hospital Tower, istruktura ng paradahan at surface-level na paradahan.

Kasama sa bagong tower ng ospital ang:

- 24 intensive care na mga kama ng pasyente
- 120 general acute na mga kama ng pasyente
- Isang bagong 70-station Emergency Department
- Isang bagong surgical area na may 10 general operating room
- Dalawang bagong emergency response heliport

Paano matataguyod ng pagpapalaki ang mas mainam na pagkakapantay-pantay sa kalusugan sa rehiyon?

Ang SJMC ay may pananagutan na maka-bilang ang lahat at maging patas. Bilang ang pinakamalaking tagapagkaloob ng Medi-Cal sa California, ang Dignity Health ay nagmamalasakit sa lahat ng mga tao, lalo na ang dati pang kilalang di napagsisilbihan at mahihinang komunidad. Mula pa noong 2018, ang SJMC ay nag-ambag ng halos \$170 milyon para bayaran ang pag-aalaga sa mga tao na walang insurance, kulang ang insurance, di karapat-dapat sa tulong ng gobyerno, o di kaya'y di kayang magbayad. Ang proyekto ng pagpapalaki ay magpapahintulot sa SJMC na palawakin ang mga pamumuhunan ng komunidad para sa benepisyo, sa pamamagitan ng pagbibigay ng preventive care at mga wellness service na higit pa sa hangganan ng ospital mismo.

Hanap ba ng SJMC na matalaga bilang isang trauma center?

Ang San Joaquin General Hospital ay ang natalagang trauma center sa rehiyon, di hanap ng SJMC na matalaga para sa trauma. Ang pagpapalawak sa SJMC ay mapapalaki rin sa Emergency Department, na magkaloob ng mas malaking kapasidad para mapakitunguhan ang critical care at mga situwasyon na nag-aagaw buhay.

Ano ang mga epekto sa kapaligiran ng proyekto?

Ang namungkahing pagpapalaki sa SJMC ay mapapakinabangan ng lokal na kapaligiran. Ang mga mas lumang gusali ay papalitan ng mga bago at mas matipid sa enerhiya na pasilidad.

Ang namungkahing proyekto ay rerepasuhin bilang parte ng hinihiling ng California Environmental Quality Act na proseso para matugunan ang mga epekto sa kapaligiran. Magkakaroon ang publiko ng oportunidad na repasuhin at magbigay ng komento sa mga epekto na natiyak at pati na rin ang mga namungkahing mga hakbang para sa mitigasyon.

Magdadagdag ba ang proyektong ito ng higit pang paradahan?

Oo. Ang pagpapalawak ng SJMC ay nagmungkahi ng bagong istruktura ng paradahan na maaaring magkaroon ng hanggang 2,000 mga paradahan at pati na rin ang dagdag na surface-level na paradahan. Ito ay makakapagbigay sa mga pasyente, bisita at staff ng ligtas na on-site na paradahan.

Ang pagpapalaking ito ba ay aalinsunod sa Hospital Seismic Safety Act ng California?


Oo, ang iminungkahing SJMC modernization project ay sumusunod sa Hospital Seismic Safety Act ng California (Senate Bill 1953). Sa pagkukumpleto ng mga seismic update sa namungkahing modernization ng SJMC ay kukumpleto rin sa hinihiling na mga pagpapahusay sa kaligtasan laban sa lindol dagdag sa modernization na proyekto, na nagbabawas sa pangkalahatang mga epekto sa mga serbisyo sa pasyente.

Gagawin bang bahagi ng SJMC ang komunidad sa buong proseso ng namungkahing pagpapalaki?


Direkta na gagawing bahagi ng SJMC ang komunidad at ang mga stakeholder sa kabuuan ng proyekto na kasama na ang mga online na dulugan, mga meeting sa komunidad, at pakikipag-ugnayan sa mga tao sa buong rehiyon. Ang mga miyembro ng komunidad ay maaari rin magbigay ng mga komento sa City Council sa pamamagitan ng entitlement process.

Ano ang timeline ng namungkahing pagpapalaki?

Ang SJMC ay kasalukuyang nasa yugto ng pagpapalano ng namungkahing pagpapalaki na may layunin na matiyak ang mga entitlement sa 2023. Ang proyekto ay tinatayang matatapos sa 2028-2030.



 (209) 467-6399

 St. Joseph's Medical Center
1800 N California St.,
Stockton, CA

 dignityhealth.org/stockton/communityhealth